**Abstract**

August 2021. COVID-19 delta wave overwhelms the only hospital in an unnamed island. The health workers have been working nonstop for over twenty-four hours. Then the delivery of oxygen tanks does not arrive. In the Temporary Treatment and Monitoring Facility (TTMF) of the public hospital, the doctor and two staff nurses decide to lower the oxygen levels of those whom they believe are going to die soon, in effect hastening these patients' deaths. But their desperate attempt to save oxygen is found out by a watcher—a relative assigned to take care of their patient—who refuses to accept that nothing more can be done to save her father's life.

**Keywords**

underdevelopment, COVID-19, medical ethics, hospital

**English title**

Grasping at Air

# PAGKAPIT SA HANGIN

**JOSHUA LIM SO**

*Unang itinanghal sa Virgin Labfest 19, 2024. Direksyon: José Estrella; Katuwang sa Direksyon: Mark Daniel Dalacat; Mga Nagsiganap: Elora Españo (Nurse A), Wenah Nagales (Nurse B), Timothy Castillo (Doctor), Gold Villar Lim (Watcher); Pamamahala ng Entablado: Bojo Barnes; Disenyo ng Entablado: Jeremy Bravo; Disenyo ng Tunog: Angelica Armecin Dayao; Disenyo ng Ilaw: Roman Cruz; Pamamahala ng Kasuotan: Allie Eguia; Dramaturhiya: Aya Apolintisima; Katuwang sa Pamamahala ng Entablado: Phalie Medina, at Rigel Hechanova.*

*Nagagwagi ng Unang Gantimpala, Dulang May Isang Yugto, sa 72nd Carlos Palanca Memorial Awards for Literature.*

*Para kay Elle*



Likhaan 18.indb 316 11/22/2024 4:38:19 PM

**Tauhan**

NURSE A – mid-twenties, babae, higit beynte kuwatro oras nang nagtatrabaho

NURSE B – late thirties, babae, higit beynte kuwatro oras nang nagtatrabaho

DOCTOR – late twenties, lalaki, higit beynte kuwatro oras nang nagtatrabaho

WATCHER – early thirties, babae

**Panahon**

Agosto 2021. Kasagsagan ng COVID-19 Delta variant.

**Lunan**

Sa Temporary Treatment and Monitoring Facility (TTMF), ang COVID-19 isolation area ng isang maliit na pampublikong ospital sa isla. Nahahati sa dalawang espasyo ang dula.

Ang unang espasyo ay silid ng nurse station at opisina. May orasan, kalendaryo, basurahan, lumang floor standing aircon, ilang upuan, atbp. May cabinet at shelves na puno ng organizers, folders, papeles, atbp. May counter sa nurse station kung saan nakapatong ang charts na nakapaloob sa mga bakal na folder. May telepono, ilang office chairs, organizers, atbp. sa area na ito. Gawa lang sa kahoy ang counter, at nababalutan ito ng mumurahing gift wrapper at plastic wrap. May styro cup ng malamig na kape sa counter. May personal protective equipment (PPE) area kung saan nagsusuot at nagtatanggal ng PPE ang mga tagaospital. May disinfectant mat, moveable na mesa, disinfectant sprays, atbp. Floor to ceiling na malabong plastic sheets ang naghihiwalay sa area na ito.

Sa ibang gawi ng entablado ay ang espasyo ng ward, kung saan nakaratay sa hospital bed ang pasyenteng inaalalayan ng higit five-feet na oxygen tank. May upuan para sa watcher. May tatlo pang pasyente at tatlo pang watcher na pinagkasya sa isang ward, at nahihiwalay ang area ng bawat pasyente at watcher ng parehong malabong plastic sheets, pero maaaring di na ipakita ang mga ito.



Likhaan 18.indb 317 11/22/2024 4:38:20 PM

**1.**

*Sa nurse station.*

*Kadiliman. Maririnig ang ingay ng lunan: ugong ng aircon, mga boses ng maraming tao, sirena ng ambulance sa kalayuan, iyak ng sanggol, atbp.*

*Kung kinakailangan ng karagdagang konteksto, maaaring i-project ang panahon ng dula.*

NURSE A: Pa'no na? (*Saglit.*) 'Nong gagawin natin? (*Pasuyo.*) 'oy.

*Sa pagliwanag, makikitang nakapikit ang* NURSE B*, hawak-hawak ang brush at caddy basket na puno ng cleaning products. Parehong nakatayo ang dalawang staff nurse sa nurse station. Naka-PPE ang dalawang nurse, pero nakahubad hanggang sa baywang ang kay* NURSE A*. Hindi nakasuot ng face mask at shield ang* NURSE A*. Nakaangat ang face shield ni* NURSE B *pero naka-face mask pa rin, at basa sa laway at pawis ang mask niya. Pareho silang pawisan.*

*Mumulat ang* NURSE B*, malayo ang tingin.*

NURSE A Narinig mo 'ko? (*Saglit.*) Di ko 'lam 'nong gawin na, 'oy.

NURSE B 'Wag mo nga 'ko.

NURSE A 'Wag mo, ha?

*Ibababa ni* NURSE B *ang kanyang face mask.*

NURSE B Di mo alam 'nong gagawin? 'La ka tal'gang maisip?

NURSE A 'No ba? 'Kaw mas matagal dito.

NURSE B 'Lam mo na e. Me naisip ka na e.

NURSE A 'Lam ano? (*Walang tugon.*) 'Lam ano?



Likhaan 18.indb 318 11/22/2024 4:38:20 PM

NURSE B ’Yoko magsabi.

NURSE A May oras ka pa tal’ga mag-arte-arte?

NURSE B ’Kaw kaya d’yan nag-aarte-arte! Okey sana kung sinabi mo, “Di ko magawa,” “Di ko masikmura,” “Kawawa sila.” Pero ganyan ka, pa engot-engot. Sa ’kin pati. Lagi sa ’kin. Para ’no? Para ako ’sasabi? Para ako gagalaw? Para ako mapagalitan? (*Ilalapit ang brush at caddy basket sa* NURSE A.) ’Kaw kaya dapat d’yan! (*Saglit.*) Sobra-sobra na ’ko pauto sa ’yo, ’oy. Pag natanong tayo ni Doki mam’ya, quiet lang tal’ga ’ko, ba.

NURSE A Quiet sa ano?

NURSE B Basta. Tingnan natin kung pa’no ka kung di ako magsasalita.

NURSE A Ba’t kasi ayaw mong i-share ’yang naiisip mo?

NURSE B (*Sisilipin ang oras.*) Kapos na sa oras. (*Saglit.*) Pag ’kaw uungal-ungal sa sasabihin ko, naku!

NURSE A Di ’ko gagawin ’yan.

NURSE B Backup-an mo ’ko?

NURSE A Naman.

NURSE B Mukha mo. Pa’no mo ’ko ba-backup-an e ’kala ko ba ’la kang alam?

NURSE A ’No ba ’yan kasi.

*Bakas sa mukha ni* NURSE B *na hindi niya paniniwalaan si* NURSE A.

NURSE B — 'Ge. 'La tayong gagawin. 'Yaan na lang silang matigok—

*Papasok na naka-face mask at shield ang* DOCTOR, *pero hindi nakasuot ng PPE. May dala siyang sandwich. Pawisan siya. Suot niya ang kanyang stethoscope. Agarang magsusuot ng masks at shields ang dalawang nurse. Tatanggalin ng* DOCTOR *ang kanyang mask at shield, at kakain.*

NURSE A — Doki!

DOCTOR — Para na ring RESU rito, 'oy, me mga kama na sa labas ng facility.

NURSE B — Me ibang situation tayo.

DOCTOR — 'Ge pa. Dagdagan pa'ng problema.

NURSE B — Doc, kasi 'yong— (*Babalingan ang* NURSE A.) 'Kaw. 'Kaw me 'lam.

NURSE A — 'Yong ano kasi, Doki, sa ano sa ...

DOCTOR — Ha? (*Patukoy sa masks.*) Tanggalin n'yo na 'yan. Mauna pa 'ko kunin ng gutom.

*Patuloy sa pagkain ang* DOCTOR. *Magtatanggal ng masks at shields ang dalawang nurse.*

NURSE A — Sa oxygen—oxygen tanks, Doki. 'Lang nag-deliver. 'Lang ... walang dumating na oxygen tanks. Walang bumabang trak sa roro.

DOCTOR — 'No sabi ni supplier?

NURSE A — Ayun, Doki. Di raw sila maka-sure kelan 'yong next delivery kasi nasa isla tayo. At kahit sa sentro, ubusan na rin ng tangke dahil sa delta surge. Baka abutin pa raw ng two days, Doki. Di puwede 'yan, sabi ko. Pero 'la raw



Likhaan 18.indb 320 11/22/2024 4:38:20 PM

magawa. Tinawagan pati sa Central Med, pero gano'n din ang sabi.

DOCTOR Okey, okey. Ilang tangke na lang meron dito?

NURSE A Anim na lang, Doki.

NURSE B At lahat ng pasyente naka-10 LPM [liters per minute].

DOCTOR Ilan sila?

NURSE B Disiotso

DOCTOR Staff lang me 'lam nito?

NURSE A Yes, Doki.

DOCTOR Sure ba? Giyera na rito. Kung lumabas pa 'to, wala na.

NURSE A Sure na sure ako, Doki.

DOCTOR Sabi mo, ha.

NURSE A E pa'no na ba 'to, Doki?

*Saglit.*

DOCTOR Pili na tayo kung sino ang pinaka-me-tsansang mabuhay. Sila pa rin 'yong naka-full blast ang oxygen.

NURSE A 'Yong iba, Doki?

*Tatanto sa* DOCTOR *na nakabukas ang pinto. Isasara niya ito. Hihina ang mga ingay sa labas.*

DOCTOR 'Yong iba, 'lam mo na. (*Saglit.*) Di n'yo pa 'to naisip?



Likhaan 18.indb 321 11/22/2024 4:38:20 PM

NURSE A Di ko—

*Babatuhan ng tingin ng NURSE B ang NURSE A. Tatahimik ang NURSE A.*

NURSE B Yes, Doc. Naisip na namin.

DOCTOR (*Tititigan ang dalawang nurse.*) Sama-sama tayo rito?

*Tatango ang NURSE B bago ang NURSE A.*

DOCTOR Pag-sure!

NURSE B Yes, Doc.

NURSE A Yes, Doc—Doki.

DOCTOR Okey. Paki nga yong charts.

*Iaabot sa DOCTOR ang ilang bakal na folder.*

DOCTOR (*Patukoy sa charts.*) Daming emergent. Paghininaan n'yo'ng supply nito, mas-menos 'sang oras patay na sila.

NURSE B Pa'no si watcher pag hininaan ang supply ng oxygen?

*Patlang.*

DOCTOR I-prime ko si watcher. Tsaka n'yo hinaan para di mabisto.

NURSE A Pekein ba ang pag-prime?

DOCTOR (*Patukoy sa charts.*) 'Nong mapeke-peke rito? Ngayon pa lang, halata nang mamamatay na. 'Yong paghina lang di natin ipapaalam, pero totoo lahat ng info.

NURSE A Sorry, Doc. Nag-sure lang.



Likhaan 18.indb 322 11/22/2024 4:38:20 PM

*May isusulat ang* NURSE B *sa chart. Aagawin ng* DOCTOR *ang panulat ng* NURSE B*.*

DOCTOR ’Oy!

NURSE B Doc, nagkorek lang po ng pangalan ni pasyente.

*Saglit. Ilalapag ng* DOCTOR *ang panulat at pagkain sa counter, at sisilipin niya ang oras.*

DOCTOR (*Patukoy sa charts.*) Kayo na d’yan.

*Papasok ang* DOCTOR *sa PPE area at magbibihis.*

NURSE A (*Patukoy sa charts.*) Sino kaya rito?

NURSE B Parang di mo pa saulo. ’Lam mo na kung sino, ’oy. (*Saglit.*) Iisa-isahin din naman i-check ni Doki ang mga pasyente.

NURSE A (*Pabulong.*) Di na nag-alangan si Doki, ba. Bilis niya nasabi, ’no?

NURSE B Di gaya mo?

NURSE A Pero di mo rin nasabi, ’oy.

NURSE B O, naisip mo rin pala. Buti pa ’ko, pinaalam ko na alam ko na. ’Kaw, kunwa-kunwari pa.

NURSE A Di ko naman tal’ga ’lam—

NURSE B Basta! Salitan tayo sa tangke. ’Wag kang mag-arte-arte kasi, naku! Lampasuhin ko peys mo, ba.

*Lalabas ang* DOCTOR *sa PPE area, nakabihis na pero nag-aayos pa rin ng gear. Papasok ang* NURSE A *sa PPE area at mag-aayos.*



Likhaan 18.indb 323 11/22/2024 4:38:20 PM

DOCTOR Kilala mo lahat ng watchers?

NURSE B Yes, Doc.

DOCTOR Baka me nakakaalam d'yan. Nagne-nurse, dating staff sa ospital. 'Lam mo na.

NURSE B 'La, Doc.

*Paglabas ng* NURSE A, *nakabihis na rin siya pero nag-aayos pa rin ng gear. Uubusin ng* DOCTOR *ang kanyang pagkain.*

DOCTOR (*Patukoy sa charts.*) Sino na?

*Patay-malisya si* NURSE A *kahit malapit sa kanya ang charts.*

DOCTOR 'Oy!

NURSE B (*Kukunin ang charts.*) Leche.

NURSE A Ako ba?

NURSE B Me dialysis patient. (*Saglit.*) Me senior na asthmatic. (*Saglit.*) 'To, Doki. Na-stroke. Di na nagising.

*Kukunin ng* DOCTOR *ang kape sa counter at tutunggain.*

NURSE A Doki, ke 'no 'yan—!

DOCTOR (*Nang maubos.*) Tagal na nating naghahawahan, nakatayo pa rin tayo.

*Transition.*

## 2.

*Sa ward.*



Likhaan 18.indb 324 11/22/2024 4:38:20 PM

*Kausap ng* DOCTOR *ang watchers, na maaaring di nakikita o representasyon lamang. Nasa likuran ng* DOCTOR *ang nurses. Naka-oxygen mask ang nakaratay na pasyente. Naka-full gear ang tatlo: PPE, face shields, masks, atbp. Mas malakas ang delivery ng* DOCTOR *sa eksenang ito para maintindihan siya ng mga watcher.*

*Lilitaw sa projection ang unang detalye na nakikita sa chart. Sulat-kamay ang sagot sa chart:*

**PATIENT NAME:** Ortega, Maria Katrina Manabo **AGE:** 21 **SEX:** F

DOCTOR (*Sa isang watcher.*) Gan'to kasi 'yon, ma'am ...

NURSE B (*Pabulong kay* NURSE A.) 'Ko mauuna, pero 'kaw sunod.

DOCTOR (*Sa nurses.*) Okey ba tayo?

NURSE B Yes, Doc.

*Sasamahan ng* NURSE A *ang* NURSE B *sa oxygen tank. Pipihitin ng* NURSE B *ang flow adjuster ng oxygen tank habang nagpapaliwanag ang* DOCTOR*. Mapapansin na napupunta ang atensiyon ng* NURSE A *sa tangke habang kunwari may iba siyang inaasikaso.*

DOCTOR (*Sa isang watcher.*) Nonreactive siya sa sternal rub. Kailangan po magdesisyon kayo ngayon kasi limitado ang kakayahan ng ospital natin. Alam kong bata pa siya, pero, 'nay, mahirap nang maagapan pag comatose, at sa dami ng kanyang comorbidity. Kaya po, ang puwede nating gawin, 'nay ...

*Babago ang ilaw. Nasa oxygen tanks ang nurses. Ibang watcher na ang kausap ng* DOCTOR*. Lilitaw ang projection.*

**PATIENT NAME:** Pascual, Jose Renato Vergel Ramirez **AGE:** 71 **SEX:** M



Likhaan 18.indb 325 11/22/2024 4:38:20 PM

Likhaan 18.indb 326 11/22/2024 4:38:20 PM



DOCTOR (*Sa ibang watcher.*) Wala siyang wheezing o congestion pero pansin ang retraction— 'yong, 'no ba, inaalalayan ng puson 'yong paghinga—

NURSE B (*Sa* NURSE A.) 'Kaw na, 'oy!

DOCTOR (*Babalingan ang nurses pero kausap ang isang watcher.*) Nangyayari—!

*Maaalerto ang nurses. Pipihitin ng* NURSE A *ang flow adjuster ng oxygen tank habang nagpapaliwanag ang* DOCTOR.

DOCTOR (*Sa isang watcher.*) Nangyayari 'yan … minsan sa me 'no … sa me COVID. 'Yong walang plema pero nagde-desat o, 'no ba, bumababa 'yong oxygen. Nasa 80 siya ngayon at maya't maya malamang ka-cardiac arrest na po siya. Kung sakali, gusto n'yo pa bang ipa-CPR si ano … tito mo, di ba?

NURSE B Jowa tal'ga, Doc. 'La kasing kamag-anak, kaya tinito ko na.

DOCTOR (*Sa isang watcher.*) Na-explain naman sa 'yo bago i-admit na puwedeng mamatay 'no mo, tito mo. Kaya … Kaya 'to po puwede nating gawin, sir …

*Babago ang ilaw. Wala ang mga nurses habang kausap ng* DOCTOR *ang* WATCHER. *Lilitaw ang projection.*

**PATIENT NAME:** Juvida, Antonio Manuel Patero **AGE:** 63 **SEX:** M

DOCTOR Ganun na po kapangit ang kondisyon niya. Kaya po, mam, kahit me options pa, kailangan niyong maunawaan na malabong maagapan pa—

*Papasok sa entablado ang* WATCHER, *naka-mask, at tatabihan ang kanyang amang nakaratay sa kama.*

WATCHER	Pero me tsansa. Di ba? Puwede pa. Makakauwi pa kami.

DOCTOR	A … sa totoo lang, mam, sa lagay ni tatay, halos 'la nang chance ma-okey pa siya.

*Papasok ang* NURSE A *para pihitin ang flow adjuster ng oxygen tank. Mapapalingon ang* WATCHER *sa* NURSE A. *Matitigilan ang nurse.*

DOCTOR	Mam? (*Paglingon ng* WATCHER *sa kanya.*) Kahit mabuhay po siya, mam, malamang gulay na po tal'ga siya.

*Pipihitin ng* NURSE A *ang flow adjuster ng oxygen tank.*

DOCTOR	Nabigay na po lahat na meron tayo. 'Lam kong mahirap, pero—

WATCHER	Patubo.

*Saglit.*

DOCTOR	Mam, senior na si Tatay, at me high blood—

WATCHER	Patubo mo na, Doc.

*Papasok si* NURSE B, *dala-dala ang ilang charts na nasa bakal na folder.*

WATCHER	(*Sa* NURSE B.) Patubo na, parang awa.

NURSE B	Doc?

DOCTOR	(*Sa* NURSE B.) Teka. (*Sa* WATCHER.) Mam, 'lam nating di tal'ga kami ang me hawak sa buhay niya. Ginagawa namin ang the best, mam, pero palala nang palala pa rin si Tatay. Kung ipa-intubate mo siya, mahihirapan siya lalo. Sobrang sakit pasukan ng tubo, mam. Nakita n'yo naman sa 'bang pasyente. Higit pa do'n, me tsansa pang



Likhaan 18.indb 327	11/22/2024 4:38:20 PM

atakihin sa puso si Tatay dahil sa patubo. Ta's tatawid-dagat pa kayo para ma-transfer siya sa Central Med kasi do'n lang me ICU. Magulo ngayon, mam. Dito pa lang, sobra-sobra na sa overcapacity. Di pa sure kung me bakanteng ICU sa Central Med—

WATCHER Patubo, sabi. Ayoko na ng ibang opinyon. Di ko puwedeng 'yaan lang mamatay si Papa.

NURSE B Naiintindihan po namin, mam. Lab na lab n'yo si Sir Tony. Nakilala rin po namin siya no'ng nakakapagsalita pa siya. (*Sa* DOCTOR.) Doc, 'nong oras na ba? Kaya pa namang ipatubo, di ba?

*Magkakaintindihan ang* NURSE B *at ang* DOCTOR.

DOCTOR Okey.

WATCHER Thank you, Doc! Thank you! Thank you! Thank you!

DOCTOR Sorry kanina. Gusto ko lang i-explain 'yong—

WATCHER Okey lang, Doc. Sorry din po. 'Lam ko pong ginagawa n'yo lang trabaho n'yo. Pero si Papa kasi 'to.

*Papatahanin ng* NURSE B *ang* WATCHER.

NURSE B I-ready lang namin 'yong pang-intubate ke Sir Tony, ha.

WATCHER Thank you. Thank you. Thank you.

*Aalis ang tatlong tagaospital. Maiiwan ang* WATCHER*, katabi ang nakaratay na tatay. Hahalikan niya ang kanyang ama. May mapapansin siya sa oxygen mask. Katahimikan. Lilingon ang* WATCHER *sa oxygen tank.*



Likhaan 18.indb 328 11/22/2024 4:38:20 PM

## 3.

*Sa nurse station.*

*Nagri-ring ang landline. Nagtatanggal ng PPE ang* DOCTOR. *Basang-basa siya sa pawis. Basang-basa ang mask niya sa pawis at laway. Magpupunas siya ng mukha. Iinom siya ng tubig. Sasakit ang kanyang tiyan. Patlang. Sasagutin niya ang tawag.*

DOCTOR (*Pagkalipas ng ilang sandali.*) Antay lang. Antay.

*Ibababa agad ng* DOCTOR *ang tawag. Patlang. Sisilipin niya ang kanyang cellphone. May tumatawag. Ibababa niya ang tawag at magme-message. Pika niyang ibabato ang kanyang cellphone. Masu-shoot ang cellphone sa caddy basket.*

DOCTOR (*Habang nililinis ang cellphone.*) 'Tang ina, 'no pa, ha? 'No pa?

*Papasok ang dalawang nurse, nagtatanggal ng masks at shields.*

DOCTOR (*Patukoy sa caddy basket.*) Ba't kasi 'andito 'to, 'oy!

*Sa pagtabi ng* NURSE B *sa caddy basket, iirapan niya ang* NURSE A.

NURSE A Doki, pray tayo, p'wede?

DOCTOR 'Kaw mag-lead.

*Saglit.*

NURSE A Panginoon ... O Diyos. A—

*Tutunog ang landline. Agad iaangat ng* DOCTOR *ang handset at ipapatong sa mesa. Tatanguan niya ang* NURSE A.

NURSE A O Diyos ... Patawarin n'yo po kami. At ... a ... Dagdagan n'yo po ng lakas ang aming mga pasyente kasi mas lalo pa nilang kailangan ng tulong n'yo. 'Wag n'yo silang pabayaan. Sana mabuhay silang lahat—



Likhaan 18.indb 329 11/22/2024 4:38:20 PM

DOCTOR O pahingahin mo na sila.

NURSE A Doki? (*Walang tugon.*) O … o pahingahin mo na sila … o Diyos. At … 'no … nananalangin kami … na matapos na 'to. Diyos ko, please lang, matapos na 'to, 'oy—

*Papasok ang* WATCHER, *nakababa ang mask.*

WATCHER Kayo ba 'yong kanina?

*Matitigilan ang tatlo.*

WATCHER Di 'ko sure sino e. Balot na balot kayo. (*Sa mga nurse.*) Sino sa inyo 'yon?

NURSE B Ba't po kayo nandito?

WATCHER 'Kaw 'yong nurse sa oxygen tank? (*Patukoy sa* NURSE A.) O siya?

*Hindi makasagot ang dalawang nurse.*

DOCTOR (*Sa nurses.*) Kaninong watcher 'to?

WATCHER Panganay ni Antonio Patero Juvida. Check n'yo sa records n'yo.

DOCTOR Mam, baka puwedeng sa labas ka muna—

WATCHER Dito lang 'ko! (*Kay* NURSE A.) Ba't mo pinatay hangin ni Papa?

NURSE A Hindi ako 'yon, 'oy!

*Babalingan ng* NURSE B *ang* NURSE A, *pero ayaw makipagtinginan ng* NURSE A *sa* NURSE B.

WATCHER Di 'kaw? (*Kay* NURSE B.) E di 'kaw 'yon?



Likhaan 18.indb 330 11/22/2024 4:38:20 PM

NURSE B — ’Nong pinatay, mam?

WATCHER — ’Wag mo ’kong utuin ba! Nakita kita.

NURSE B — Malamang naubusan ng hangin ’yong tangke, mam. Medyo hirap kasi tayo ngayon. Me mga pasyente nga pinaghahatian ang ’sang tangke gamit ’yong splitter ng aquarium.

WATCHER — E ba’t ko nabalik sa 10 LPM?

*Saglit.*

NURSE B — Pa’no n’yo nasabi ’yan e di ba kahera ka?

WATCHER — Ako ang tumutok sa bunso namin nang magrebyu sa nursing, ’kala mo. ’Dali lang basahin ’yang metro sa tangke, ’oy. ’Yong bola, di naangat.

NURSE A — (*Taranta.*) Mam, please ’wag po kayong magalit. Gan’to kasi ’yon—

NURSE B — ’Wag ka nga!

NURSE A — I-explain ko lang na ... na ... (*Sa* WATCHER.) Walang kasing dumating na tangke, mam, ta’s kita mo naman ’yong dagsa ng tao—

WATCHER — Tingin n’yo palulusutin ko kayo e buhay ni Papa ’to? ’La nga kayong balak ipatubo siya.

*Isasara ng* DOCTOR *ang pinto. Hihina ang ingay sa labas.*

DOCTOR — Nagkamali ka lang sa pagbasa nito, mam.

WATCHER — ’Ko pa’ng mali? Tigilan n’yo ako, ’oy. Di lang ke Papa ’yong pinatay n’yo. Pati sa iba. Tinatawag pa naman kayong nurse, doctor?



Likhaan 18.indb 331 11/22/2024 4:38:20 PM

DOCTOR — Teka lang, teka! Mam, una sa lahat, di po pinatay ang tangke. Hininaan lang— (*Babawiin sana, pero itutuloy na lang.*) Hininaan lang kasi nagrarasyon po ng oxygen ngayon.

WATCHER — Rasyon mo mukha mo. Sa hina ba naman ng bomba, parang pinatay n'yo na si Papa.

DOCTOR — Intindihin mo sana ang situation, mam. (*Patukoy kay* NURSE A.) Gaya ng sabi niya, di namin 'lam kung kelan magkakaro'n ulit ng supply—

WATCHER — 'Wag n'yo kaming idamay d'yan. Magreklamo kayo ke meyor.

DOCTOR — Pampublikong ospital 'to, mam. Kami pa malilintikan pag nagreklamo kami.

WATCHER — Malintikan tal'ga kayo pag nireport ko 'to sa DOH. Sa pulis!

*Babagsak ang* DOCTOR *sa upuan, humihilab ang tiyan.*

NURSE A — (*Aalalayan ang* DOCTOR.) Doki!

DOCTOR — (*Pabulong.*) Sakit ng tiyan ko, 'oy. Nabigla 'ata sa 'no. Pa 'no nga ng Kremil-S …

WATCHER — 'No raw?

*Aabutan ng* NURSE B *ng tubig at Kremil-S ang* DOCTOR. *Iinom ng gamot ang* DOCTOR.

NURSE A — (*Sa* DOCTOR.) Namutla ka. (*Sa* NURSE B.) Namutla siya!

NURSE B — (*Palalayuin ang* NURSE A *sa* DOCTOR.) 'Wag mo nga siya maano ba. Di na 'yan makahinga.



Likhaan 18.indb 332 11/22/2024 4:38:20 PM

| | |
|---|---|
| NURSE A | Baka sa kape rin, Doki. Sabay puyat. |
| WATCHER | Pero kaya pa niya? |
| NURSE B | ’Ka mo? |
| WATCHER | E siya itutubo, di ba? |
| NURSE B | Parang awa, ’wag mo na siyang ubusin sa patubo ng tatay mo. |
| WATCHER | Di ba kabag lang ’yan? |
| NURSE B | Sinasabi ko sa ’yo, di makararating nang buhay sa Central Med ang tatay mo. Sa konsensiya mo lang ’yan aabot. |
| WATCHER | ’Wag mo ’kong lektyuran sa konsensiya, demonyo ka. Kayo nga ’yong pumapatay ng pasyente para ’la na kayong problema. |
| NURSE B | Nagtitipid kami ng tangke. Kung hindi, mas maraming matitigok. |
| WATCHER | E ba’t si Papa? Imbes ’yong mas me lakas ’yong bawasan n’yo ng hangin, ’yong mas mahina pa ang hihinaan n’yo? |
| NURSE B | Wala na kasi silang pag-asa, mam. Kahit naka-todo-supply pa ’yang si Tatay, ’lam naming di na ’yan aabot bukas. Nagsayang lang kami ng hangin. |

*Patlang.*

| | |
|---|---|
| WATCHER | ’Loko kayo. |
| NURSE B | Mam, alam na namin ’to, mam. Kung me alam ka nga, dapat tanggap mo rin ’to. |



Likhaan 18.indb 333 11/22/2024 4:38:20 PM

WATCHER ’La ’kong paki. Basta buhayin n’yo si Papa. (*Bubunot ng cellphone.*) Kung ayaw n’yo, mag-post ako sa Facebook.

DOCTOR Kung gustong ipatubo, ipatubo! Ihanda n’yo na!

*Ambang lalabas ang* NURSE A *nang pipigilan siya ng* NURSE B.

NURSE B (*Sa* WATCHER.) ’Ge. Magsumbong ka. Di tal’ga namin siya ipapatubo.

NURSE A Teka.

WATCHER (*Magse-cellphone.*) ’Kala mo tal’ga!

DOCTOR Teka lang!

NURSE A ’Yokong makulong, diyos ko!

NURSE B Sino me sabing makukulong tayo? (*Patukoy kay* WATCHER.) Di ba siya? (*Kay* WATCHER, *patukoy sa* DOCTOR.) ’Lam mo bang mag-’sa ’tong umiikot sa RESU, ER, triage, DR [delivery room], ward A at B, inaatupag mas-menos animnapung pasyente, kasi yong ’sang doctor confined na. Tapos irereklamo mo kami? Mga empleado ng gobyerno? Sa nangyayari ngayon? ’Lam mo ba ’yong bagong batas, mam? ’La ka pang pruweba. ’Kaw ’tong nanggugulo, ’oy!

NURSE A Pumapayag na tayo, ’no pang gusto mo?

NURSE B Di paipit ka kung gusto mo. (*Sa* WATCHER.) ’No ba? Siraan ng buhay? Subukan mo. Kaya ko rin ’yon. ’Lam mong patubo na lang tsansa ni Sir Tony.

*Patlang.*

WATCHER Basta ... basta ipapatubo n’yo siya?



Likhaan 18.indb 334 11/22/2024 4:38:21 PM

*Kukunin ng* NURSE B *ang mga bakal na folder ng charts, nasa anim.*

NURSE B (*Sa* WATCHER, *patukoy sa charts.*) Pili ka muna ng isa d'yan, kapalit sa papa mo.

DOCTOR 'Wag na! Di na nga siya makasumbong.

NURSE B E kung magwala 'yan pag namatay ang tatay? Kausapin ang ibang watcher? E di lang siya poproblemahin natin. (*Babatuhan ng masamang tingin si* NURSE A.) Ayoko na ng me sabit. (*Sa* WATCHER.) Kung di ka namin kasama rito, pinatay mo na rin si papa mo.

WATCHER 'Wag mo 'kong igaya sa inyo.

NURSE B Pinihit mo ba pabalik sa 10 LPM 'yong hangin ng iba o sa tatay mo lang?

*Walang tugon.*

NURSE B Di gano'n ka na rin.

*Katahimikan. Ilalapit ng* WATCHER *sa* NURSE B *ang bakal na folder nang hindi sinisilip ang chart sa loob.*

NURSE B (*Ambang kukunin ang chart.*) Okey.

WATCHER Teka.

*Matitigilan ang* NURSE B. *Sisilipin ng* WATCHER *ang napiling chart. Patlang.*

WATCHER Patingin ng iba.

*Habang binabasa ng* WATCHER *ang ibang charts, mag-uusap ang* NURSE B *at ang* DOCTOR *pero hindi sila rinig. Tatango ang* DOCTOR. *Susubukang alalayan ng* NURSE A *ang* DOCTOR *pero palalayuin siya ng* NURSE B.



Likhaan 18.indb 335 11/22/2024 4:38:21 PM

*Magsisimulang magprepara ang tatlo para sa intubation: ihahanda ang e-cart (emergency cart), na naglalaman ng ET tube (endotracheal tube), ambu bag (bag valve mask), ampule ng epinephrine at diazepam, atbp.*

## 4.

*Sa ward.*

**PATIENT NAME:** Juvida, Antonio Manuel Patero **AGE:** 59 **SEX:** M

*Binobomba ng* NURSE A *ang ambu bag na nakakabit sa pantubo sa tatay ng* WATCHER. *Sini-CPR ng* NURSE B *ang pasyente.*

DOCTOR Rhythm check. (*Pagkatapos mag-rhythm check.*) Continue.

*Ipagpapatuloy ang pag-CPR sa pasyente.*

DOCTOR (*Sa* WATCHER.) Mam? (*Walang tugon.*) Mam?

NURSE B Mam!

WATCHER ’No, Doc? Okey na siya?

DOCTOR ’La pa ring pulso, mam. CPR pa ba natin?

WATCHER ’Sa pa. ’Sa pa.

*Magkakatinginan ang tatlong tagaospital.*

NURSE B Pangatlo na ’to, mam. Kahit sagot ng PhilHealth ang epinephrine, kukulangin na stock namin. Kakailanganin pa ’to ng ’bang pasyente. Para sa lagay ni Tatay, di na rin kaya papitikin ng epi ang puso niya.

WATCHER Kaya pa. ’Sa pa.

*Mapapaupo ang* DOCTOR.



Likhaan 18.indb 336 11/22/2024 4:38:21 PM

DOCTOR (*Sa nurses.*) 'Ge.

*Bubuksan ng* NURSE B *ang ampule ng epinephrine at ipeprepara ang injection.*

NURSE B Third epi!

*Ituturok ng* NURSE B *ang epinephrine sa dextrose ng pasyente. Ang* NURSE A *naman ang magsi-CPR at ang* NURSE B *ang tagabomba ng ambu bag. Pagkalipas ng ilang sandali, maririnig ang paghingi ng saklolo ng isang watcher sa ibang gawi ng facility. Mapapalingon sila. Titingnan ng* DOCTOR *ang oras sa relo.*

NURSE B 'Yan na ba, Doc?

DOCTOR 'Kaw na muna.

NURSE B (*Iaabot ang ambu bag sa* WATCHER.) Gaya kanina, sundan mo lang 'yong paghinga.

*Aalis ang* NURSE B. *Babagal ang pagbomba ng* WATCHER.

NURSE A Mam? Mam! (*Nang matauhan ang* WATCHER.) 'Yong ambu bag, mam.

*Lalakasan ng* WATCHER *ang pagbomba.*

WATCHER (*Sa* NURSE A.) Kilala mo kung sino 'yon?

*Iiling ang* NURSE A. *Habang patuloy sa CPR, may sasaklolong ibang watcher.*

DOCTOR (*Sa* NURSE A.) Kaya mo na?

NURSE A Yes, Doki.



Likhaan 18.indb 337 11/22/2024 4:38:21 PM

*Tatayo ang* DOCTOR, *at kalmanteng aalis. Babagal muli ang pagbomba ng* WATCHER.

NURSE A Mam? (*Walang tugon.*) Mam!

*Matatauhan ang* WATCHER, *pero titigil na siya sa pagbomba. Ipapahiwatig niya sa* NURSE A *na 'wag nang ituloy ang pag-CPR. Mapapabuntong-hininga nang malakas ang* NURSE A.

NURSE A (*Mangiyak-ngiyak.*) Thank you, mam. Sobrang thank you. (*Tatanto.*) Ay condolence pala. Condolence.

*Magmamadaling aalis ang* NURSE A.

*Pagkalipas ng ilang sandali, magliligpit ang* WATCHER *ng kalat. Mag-aayos siya ng mga gamit. Palakas nang palakas at nagpapatong-patong ang mga ingay sa lunan.*

*Sa pagbago ng ilaw, biglang maglalaho ang lahat ng ingay.*

**5.**

*Sa nurse station.*

*Nakabukas ang pinto. Naibaba na nang maayos ang landline. Wala na ang caddy basket at brush. Nakaupo ang* NURSE B, *naka-PPE pero nakababa ito hanggang baywang. Wala siyang suot na face shield o mask. Nagkakape siya.*

*Pagkalipas ng ilang sandali, ambang papasok ang naka-todong PPE na* NURSE A, *pero matitigilan siya nang makita ang nakatalikod na* NURSE B. *Aalis sana siya pero magbabago ang kanyang isip. Tutuloy si* NURSE A.

NURSE A (*Kunwaring nagulat.*) 'Oy, 'andito ka pala! (*Walang tugon. Magtatanggal ng PPE.*) Sabi pala ni Doki, mauuna na siya. Kailangan pa niyang tumakbo sa RESU kasi. Basta 'kaw na raw bahala … (*Saglit.*) Grabe pawis, 'oy! Me anghit pati ang kuko ko, ba. Nagpalit ka na ng PPE o tinitipid mo



Likhaan 18.indb 338 11/22/2024 4:38:21 PM

pa 'yan? (*Walang tugon.*) Di ka ba naiinitan sa kape mo? Gusto mo magtimpla 'ko ng iced coffee? (*Walang tugon.*) Kape na lang bumubuhay sa 'tin, ba. Sobra-sobra sa bente-kuwatro oras na tayong gising sa trabaho. Totoo pala 'yong parang nakainom, 'no? Kada oras na walang tulog, parang 'sang shot, puno. (*Tatawa. Walang tugon. Huhupa agad ang pagtawa.*) Sakto tal'ga, sabi ni Doki, 'oy. Sa loob ng 'sang oras me nilagutan na ng hininga. Ta's sunod-sunod na nag-code ang mga pasyente. Buti nakakapit 'yong iba. (*Saglit.*) Nakahinga rin tayo, 'oy, kahit konti. Diyos ko. (*Saglit.*) Nakita mo ba 'yong watcher ni Juvida? Naglilinis sa ward! Tawag 'ko nang tawag ke mam pero parang bingi na. Kuskos lang nang kuskos sa sahig, abot kisame. Pinipigilan ko nga pero ayaw paawat. Dala sigurado ng konsensiya. (*Kakambiyo.*) Ba'la siya, 'oy! Pinahirapan ba naman tayo. Pinahiram ko pa panlinis natin. (*Babawiin ang sinabi.*) Mas maayos naman siya maglinis kaysa ke Mang Ben. (*Saglit.*) Sumalangit nawa. (*Patlang.*) Tigas din ni mam, 'no? Pag watcher siguro lahat ganyan. Nakakapagtaka tal'ga. 'La pa ni 'sang watcher na napatumba ng COVID. Di rin 'lam ni Doki kung ba't gano'n. Ma-explain kaya? O kamay na 'yon ng Diyos? (*Walang tugon.*) Gusto ko rin mag-thank you. Kung di sa 'yo ... ewan ... di ko na 'lam. Baka sinipa na tayo. 'Yong lisensiya natin pati. 'Yong plano kong mag-UK ... (*Saglit.*) 'Yoko nang balikan 'yon, 'oy. Sa dami ng problema. Buti na lang kasama ka namin. Kundi me sabit pa tayo. Sabi mo 'yon, 'alala ko. (*Saglit.*) Grabe tal'ga, naisip mo 'yon, 'oy. Galing mo tal'ga. Bilib na bilib 'ko sa 'yo, ba. Kung pa'no mo nagawan ng paraan, ba. Bilis! (*Walang tugon.*) Kaya thank you. (*Walang tugon.*) Thank you. (*Walang tugon.*) Grabe ka tal'ga mag-isip. (*Katahimikan. Ayaw magpahalata ng kaba.*) Gusto ko rin mag-sorry. (*Saglit.*) No'ng naano ... pinagkamalan ka ni mam ... na 'kaw pumihit sa tangke ... di kita ... di ko... di ko naano ba ... naano kita. 'Lam ko ako 'yon. (*Saglit.*) Di ko kasi 'lam 'nong gagawin. Blangko utak ko no'n, 'oy. Di 'ko makagalaw, ba. 'Lam mo na. (*Patlang.*) Kaya sorry. (*Walang tugon.*) Sobrang sorry. (*Walang tugon.*)



Likhaan 18.indb 339 11/22/2024 4:38:21 PM

Sorry na. (*Walang tugon. Pasuyo.*) Sorry na, 'oy. (*Unti-unting natataranta.*) Galit ka ba? (*Walang tugon.*) Galit ka ba sa 'kin? (*Walang tugon.*) Okey lang naman kung galit ka sa 'kin. Sabihin mo lang, 'oy. (*Walang tugon.*) Galit ka pa. (*Walang tugon.*) Sabihin mo na kasi kung galit ka pa. (*Walang tugon.*) Ba't ka naman ganyan, 'oy. Okey na tayo, di ba? Okey na tayo o. (*Walang tugon.*) 'No bang iniisip mo? (*Walang tugon.*) Sabihin mo na, ba! Galit ka pa? Galit ka sa 'kin? Galit ka ba? (*Walang tugon.*) Kausapin mo 'ko!

*Sa unang pagkakataon, babalingan ng* NURSE B *ang* NURSE A*. Katahimikan.*

*Didilim.*

*- Wakas -*



Likhaan 18.indb 340 11/22/2024 4:38:22 PM